SOUTHERN CALIFORNIA EDISON®
Energy for What's Ahead®

BABAAN ANG INYONG BILL SA PAMAMAGITAN NG *POWER SAVER REWARDS*

Tumanggap ng gantimpala para sa pagtitipid ng enerhiya.

Sa panahon ng tag-init ang pangangailangan sa enerhiya ay tumataas dahil sa mga paggamit na tulad ng sa pagpapalamig ng sambahayan sa mga araw na mainit. Sa mga panahong tinukoy na mataas na paggamit ng enerhiya, ang *grid* ng enerhiya ay maaaring mapuwersa at ang ating komunidad ay maaaring makaranas ng mga pagkawala ng kuryente o relyebo ng mga pagpatay sa kuryente. Upang makatulong na maibsan ang puwersa o *stress* na ito at tiyakin na ang ating komunidad ay mananatiling may enerhiya, nakipagtuwangan kami sa mga organisasyong nakahimpil sa lokal na komunidad upang matulungan kayo na makatipid ng enerhiya at pera sa pamamagitan ng programang *Power Saver Rewards* ng Southern California Edison (SCE).

ANO ANG *POWER SAVER REWARDS?*

Ang *Power Saver Rewards* ay isang programang libre at walang-multa na nagbibigay sa inyo ng gantimpala na mga kredito sa singil o *bill* kapag nagtipid kayo ng enerhiya sa panahon ng mga kaganapan ng programa. Ang mga kaganapan ay itinatakda ayon sa pangangailangan lamang sa panahon ng tag-init—mula unang araw ng Mayo hanggang ika-31 ng Oktubre—at maaari lamang mangyari sa pagitan ng ika-4 ng hapon at ika-9 ng gabi. Aabisuhan kayo sa pamamagitan ng *email* nang mas maaga nang isang araw bago ang isang nakatakdang kaganapan o maaari kayong mag*sign-up* upang makatanggap ng mga notipikasyon sa *text*.

MAGKANO ANG MAAARI KONG KITAIN?

Kayo ay **kikita ng $2 para sa bawat *kilowatt-hour*** (kWh) ng kuryente na inyong natipid. Ang isang karaniwang kustomer na ibinababa ang paggamit ng enerhiya sa panahon ng walong kaganapan sa loob ng isang taunang panahon ay maaaring kumita ng $40 na mga kredito sa *bill*.* Walang mga gastos o multa kung hindi kayo makakasali sa isang kaganapan, subalit mas marami kayong matitipid, mas marami kayong kikitain.

Inaasahan ang Kakulangan sa Tustos ng Enerhiya → **Nakatakdang Kaganapan** → **Tumanggap ng *Email* o Notipikasyon sa *Text*** → **Bawasan ang Paggamit ng Enerhiya** → **Kumita ng mga Kredito**

MADALING SUMALI

May mga simpleng bagay na maaari ninyong gawin upang mabawasan ang paggamit ninyo ng enerhiya sa panahon ng mga kaganapan, tulad ng pagtataas ng inyong *thermostat* sa 78˚ o mas mataas pa, paggamit ng mga pangunahing kasangkapan bago o pagkatapos ng mga kaganapan, at/o pagbisita sa sentrong palamigan sa inyong lokal na komunidad sa mga maiinit na araw upang hindi kayo umasa sa A/C ng inyong tahanan. Maging ang pagpapatay ng mga hindi kailangang ilaw at mga aparato ay makakatulong sa komunidad at magkakaloob sa inyo ng mga kredito.

Para matiyak na handa kayo sa isang kaganapan, mag-*download* ng libreng *mobile app* ng ClimateResponse ng aming katuwang sa programa na Olivine, Inc. mula sa App store o Google Play upang makatanggap ng mga notipikasyon ng kaganapan at mga makakatulong na tip kaugnay ng pagtitipid sa enerhiya na ipinadala nang diretso sa inyong mismong *smartphone*.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang *Power Saver Rewards*, maaari kayong humiling ng isang dokumento na naglalaman ng mga katotohanan o bisitahin ang **powersaver.sce.com**.

* Ipinapalagay na ang *$40 na kredito sa *bill* kada panahon ng tag-init ay para sa .5 kW kada oras x 5 oras/kaganapan = 2.5 kWh/kaganapan x $2/kWh = $5/kaganapan x 8 kaganapan kada panahon (batay sa bilang ng mga Alertong Flex noong 2021) = $40 kada panahon ng tag-init.

Ang mga insentibo ay ilalapat sa unang *quarter* o tatlong buwan ng kasunod na taon at maaaring magkaiba-iba batay sa aktwal na nabawas na karga sa panahon ng (mga) kaganapang *Power Saver Rewards* at aktwal na bilang ng mga kaganapan.

Ang *Power Saver Rewards* ay pinamamahalaan ng Olivine, Inc. bilang isang programa ng Olivine ClimateResponse™

©2022 Southern California Edison

FL-CBO-PSR2022-TA

TULUNGAN ANG ATING KOMUNIDAD NA MANATILING MAY ENERHIYA

Samahan ang ating mga kapitbahay sa pagtitipid ng enerhiya at pera sa pamamagitan ng pagbisita sa **powersaver.sce.com** upang makapagpatala.